



### **Patuloy na nagbibigay ang Lungsod sa mga residente at mga negosyo ng kakayahan na ipagpaliban ang pagbabayad ng buwis at tanggalin ang lahat ng penalty hanggang Agosto 19**

BRAMPTON, ON (Mayo 4, 2020) – Patuloy na pinapahintulutan ng Lungsod ng Brampton ang mga residente at mga negosyo na ipagpaliban ang mga buwis sa loob ng limang buwang yugto mula Marso 18 hanggang Agosto 19 nang walang tubo at bayarin sa late na pagbabayad. Ito ay para sa Pansamantalang Bill sa Buwis na ipinadala noong Enero.

Ang programa ng pagpapaliban ay pinasimulan noong Marso 21 bilang tugon sa COVID-19.

Ang sinuman na hindi pa kumontak sa Lungsod para sa pagkansela ng pre-authorized na pagbabayad ng buwis at gustong gawin ito para sa mga instalment sa Mayo at Hunyo ay kailangang punan ang [online form](#) sa website ng Lungsod para isumite ang kanilang hiling, Para muling pasimulan ang pre-authorized na pagbabayad sa mas huling petsa, kailangang muling mag-aplay sa Lungsod ang may-ari ng bayad.

Para sa mga tao kanino ang mga buwis ay binabayaran bilang bahagi ng kanilang mortgage, kailangang makipag-ugnayan sila sa kanilang mortgage provider at alamin kung maaari nilang kanselahin ang bayad sa buwis. Kailangang sabihan ng mortgage provider ang Lungsod na tanggalin ang residente/negosyo mula sa kanilang talaan.

Ang pagpapaliban sa buwis ay hindi nangangahulugan ng pagkansela sa buwis. Ang lahat ng ipinagpalibang halaga ay kailangang matanggap ng Lungsod bago ang Agosto 19, para maiwasan na matipon ang mga penalty at tubo sa anumang overdue na balanse sa panahong iyon. Ang mga tagabayad ng buwis ay may opsyon na magbayad ng mas maliit na halaga o lump sum na halaga para matanggal ang anumang overdue na mga buwis bago ang deadline na Agosto 19.

Sa unang bahagi ng Hulyo, mag-iisyu ang Lungsod ng Huling Bill sa Buwis na may mga due date ng pagbabayad na Setyembre 23, Oktubre 21 at Nobyembre 18.

-30-

#### **KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)